

## Cervix Screening

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa cervical cancer screening

**Sa cervix screening, gumagamit ng isang test na tinatawag na Pap test; makakahanap ito ng abnormal cells sa cervix bago sila maging cancer.**

Kung ang abnormal cells ay nakita at na-treat nang maaga, maaaring itigil ang pagdibelop ng cervical cancer. Maaaring matuklasan ng screening ang cancer habang maaga, bago ito magdulot ng mga sintomas. Kung ang cervical cancer ay natuklasan kapag maagang-maaga, ang posibilidad ng survival ay mahigit sa 85 porsiyento. Karaniwang walang mga sintomas ang cervical cancer.

### Gayunman, ang ilang maaaring maging sintomas ng cervical cancer ay:

- Abnormal na pagdurugo mula sa ari-arian (tulad ng pagdurugo kapag hindi naman nirereгла, pagdurugo habang o pagkatapos makipag-sex, o pagkatapos ng menopause);
- Abnormal o patuloy na vaginal discharge; o kaya
- Pelvic pain, o pananakit habang nakikipag-sex

Kung nararanasan mo ang alinman sa mga sintomas na ito, puntahan ang iyong health care provider.

### Sino ang dapat magpa-screen?

Ang sinomang may cervix, kabilang na ang mga babae at mga transgender sa pagitan ng 25-69-taong-gulang ay dapat magpa-screen para sa cervical cancer bawat tatlong taon. Ang cervical cancer screening (Pap test) ay maaaring tumigil sa edad na 69-taong-gulang kung ang iyong mga resulta ay laging normal. Tanungin ang iyong health care provider kung dapat ka pa rin magpa-test.

Dapat ka pa rin regular na magpa-screen para sa cervical cancer kung:

- Ikaw ay nag-menopause na;
- Ikaw ay nakipag-sex kailanman, kahit na hindi ka kasalukuyang sekswal na aktibo;
- Ikaw ay binigyan ng human papillomavirus (HPV) vaccine; o kaya
- Ikaw ay nasa isang same-sex na relasyon.

Hindi mo kailangang magpa-screen para sa cervical cancer kung:

- Tinanggalan ka ng cervix para sa anumang dahilan (tulad ng total hysterectomy o gender affirming surgeries).

### Ano ang dapat mo malaman

- Kung mayroon kang cervix at ikaw ay 25-69 taong-gulang, dapat ka magpa-cervix screening (Pap test) bawat tatlong taon.
- Ang screening bawat tatlong taon ay makakabawas sa iyong panganib na magka-cervical cancer nang 70 porsiyento.
- Ang screening ay makakahanap ng abnormal cells sa cervix, at kapag sila'y na-treat nang maaga, mapipigilan nito ang pagdibelop ng cancer
- Kung ang cervical cancer ay natuklasan kapag maagang-maaga, ang posibilidad ng survival ay mahigit sa 85 porsiyento.

### Ano ba ang ginagawa sa cervix screening?

Ang cervix screening ay isang screening test na tinatawag na Pap test. Ang isang instrumentong tinatawag na speculum ay dahan-dahang ipinapasok sa iyong ari-arian nang makita ng iyong health care provider ang iyong cervix. Pagkatapos ay kukuha ang iyong provider ng ilang cells mula sa iyong cervix gamit ang maliit na brush o spatula. Ang cervix screening ay karaniwang hindi masakit, pero maaari itong hindi komportable.

### Paano ba magpa-screen?

Ang cervix screening ay maaaring gawin ng isang doktor, nurse practitioner, registered nurse, midwife, o naturopathic doctor sa kanilang opisina o clinic. Ang test ay libre at magtatagal nang ilang minuto lamang.

### Ang abnormal screening result ay hindi ibig sabihing mayroon kang cancer.

Ang abnormal cervix screening result ay nangangahulugan na may nakitang cells sa iyong cervix na hindi mukhang normal. Ang abnormal results ay madalas nangyayari at hindi nito ibig sabihin na mayroon kang cancer o pre-cancerous cells. Karaniwang mag-isang bumabalik sa normal ang abnormal cells na ito. Pero sa ilang mga kaso, maaaring hindi sila bumalik sa normal nang mag-isa at sila'y nagiging pre-cancerous cells at kailangang tanggalin. Kailangan mong kausapin ang iyong health care provider tungkol sa iyong mga resulta at pangangailangan para sa karagdagang tests o treatment. Mahalagang puntahan mo ang lahat ng mga follow-up appointment.

### Paano ko ba mababawasan ang aking panganib na magka-cervical cancer?

Mayroon kang dalawang bagay na magagawa upang maiwasan ang cervical cancer – magpa-screen bawat tatlong taon at magpa-HPV vaccine kung ikaw ay nasa pagitan ng 9-45 taong-gulang.

Ang HPV vaccine ay ibinibigay nang libre sa mga estudyante sa Grade 6 sa BC. Ang vaccine ay nagprotektka laban sa mga uri ng HPV na nagdudulot ng karamihang kaso ng cervical cancer. Kung natanggap mo ang vaccine, kailangan mo pa rin magpa-screen dahil ang vaccine ay hindi nagprotektka laban sa lahat ng mga uri ng HPV na nagdudulot ng cervical cancer. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa HPV vaccine, bisitahin ang [www.immunizebc.ca](http://www.immunizebc.ca).

### Ano ba ang nagdudulot ng cervical cancer?

Ang human papillomavirus (HPV) na impeksyon ang nagdudulot ng halos lahat ng mga cervical cancer. Ang HPV ay maaaring abutin nang mahigit sa sampung taon bago maging pre-cancerous cells o cervical cancer.

### Ano ba ang human papillomavirus (HPV)?

Ang HPV ay isang virus na karaniwang nawawala na lamang nang mag-isa nang hindi nagdudulot ng anumang mga problema. May dalawang grupo ng HPV na maaaring maka-infect sa cervix – ang low risk at high risk. Ang mga low risk ay walang kinalaman sa cervical cancer pero maaaring magdulot ng genital warts at abnormal screening results. Ang pangmatagalang impeksyon na may high risk na HPV ay maaaring mauwi sa cervical cancer o pre-cancerous cells.

Ang HPV ay madalas nangyayari at madaling kumalat sa pamamagitan ng anumang klaseng sexual contact. Kabilang dito ang intimate touching (paghipo), oral, vaginal, at anal sex.

Ang karamihan ng mga tao ay magkaka-HPV sa anumang panahon sa kanilang buhay, at kadalasan ay hindi nila ito nalalaman. Karaniwang tinatanggal ng immune system ng katawan ang virus sa loob ng dalawang taon. Pero paminsan-minsan ay hindi nawawala nang mag-isa ang HPV, at sa katagalan ng panahon ay maaari nitong gawing abnormal ang cells ng cervix.

#### Mga dapat tandaan:

- Walang perfect na screening test. Kahit sa pinakamahasag na mga kondisyon, mayroong ilang mga kaso kung saan maaaring ipakita ng cervix screening results na may cervical abnormality pero wala namang abnormal cells (false-positive), o kaya'y ang test results ay maaaring maging normal pero mayroon pa lang pre-cancerous cells o cervical cancer (false-negative).
- Ang cervix screening ay hindi mabisa kung ikaw ay mas bata. Para sa mga táong wala pang 25-taong-gulang, ang karamihan ng cervical abnormalities na nakikita sa screening ay karaniwang nawawala nang mag-isa sa loob ng 2 taon. Pero kung ito'y na-screen, mauwi ito sa hindi naman kinakailangang follow-up/treatment, na siyang maaaring magdulot ng anxiety at pag-aalala, o mga pangmatagalang konsekwensiya para sa pagbubuntis sa darating na panahon (pre-term birth o kaya low birth weight).
- Kung mayroon kang anumang mga sintomas ng cervical cancer, mangyaring kausapin ang iyong health care provider. Mahalagang imonitor ang iyong kalusugan at mapansin ang anumang mga 'di-karaniwang pagbabago – kahit na kamakailan ka lamang nagkaroon ng normal na cervix screen.

#### Kontakin Kami

BC Cancer Cervix Screening  
801-686 West Broadway  
Vancouver, BC V5Z 1G1

Email: [screening@bccancer.bc.ca](mailto:screening@bccancer.bc.ca)  
Web: [www.screeningbc.ca/cervix](http://www.screeningbc.ca/cervix)

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: [www.screeningbc.ca](http://www.screeningbc.ca) or email: [screening@bccancer.bc.ca](mailto:screening@bccancer.bc.ca)) Ang brochure na ito ay available din sa ibang mga wika, kabilang ang Punjabi at Chinese. Bisitahin ang [www.screeningbc.ca](http://www.screeningbc.ca) upang makuha ang mga bersiyon na isinalin sa ibang mga wika.